ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KOMPIYA (KOMUNIKASYON AT ORTOGRAPIYA): KAGAMITANG PAMPAGKATUTO SA FILIPINO AT KAKAYAHAN SA PROSESO NG PAGSULAT SA PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL

**Nazereth Renz R. Villasorda**
*Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines*

## ABSTRAK

*Ang pananaliksik na ito ay naglayon na makabuo ng kagamitang pampagkatuto sa Filipino at mapaunlad ang kakayahan sa proseso ng pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang ng Dayap National Integrated High School. Nilayon nito na malaman ang antas ng kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto, gayundin ang pagganap sa proseso ng pagsulat at sa replektibong sanaysay. Inalam din ang makabuluhang epekto ng kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino at kakayahan sa proseso ng pagsulat. Bumuo ng interbensiyon upang mapaunlad ang kagamitang pampagkatuto na KOMPIYA.*

*Ginamit din sa pag-aaral na ito ang deskriptib na pamamaraan. Upang makalap ang datos, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan at pagsulat ng replektibong sanaysay. Ang mga tagasagot ay kabuuang limang (5) pangkat na nagmula sa iba't ibang strand ng senior high school sa Dayap National Integrated High School na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling.*

*Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang antas ng pagtanggap ng mga tagasagot sa kawastuhan ng KOMPIYA batay sa layunin, nilalaman, pagsasanay, disenyo, teknikal na pormat, at kaangkupan ay nangangahulugang lubos na katanggap-tanggap. Masasabi rin na ang antas ng paggamit ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbabaybay at pagbigkas ay may puna na lubos na sumasang-ayon at literal na paliwanag na lubhang mataas. Lumabas naman na ang antas ng pagganap ng mag-aaral batay sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay ay may mapaglarawang katumbas na Pinakamahusay at may literal na paliwanag na Napakakasiya-siya. Ang naging resulta naman sa ikaapat na suliranin ay walang makabuluhang epekto ang kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral at ipinapakita nito na "walang makabuluhang" epekto sa pagitan nila. Ang huling resulta ay walang makabuluhang epekto ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral at ipinapakita nito na "walang makabuluhang" epekto sa pagitan nila. Nanganguhulugan ito ng kawalang katiyakang ang kagamitan ay nakatulong upang mahubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat.*

*Sa pamamagitan ng mga inilahad na kinalabasan, ang mga konklusyon sa haypotesis ay dapat tanggapin na walang epekto ang kagamitang pampagkatutong KOMPIYA sa pagganap ng mga mag-aaral.*

*Sa pangkalahatang rekomendasyon, iminumungkahi ng mananaliksik na gamitin ang kagamitang pampagtuturo na KOMPIYA sa ibang track ng SHS tulad ng mga TVL upang mahasa ang kanilang kasanayan sa ortograpiya at maging sa pagsulat.*

**SUSING SALITA:** *KOMPIYA; kagamitang pampagkatuto; proseso ng pagsulat*

## 1. PANIMULA

Ang gramatika ay isang mahalagang aspeto ng anumang wika na naglalaman ng mga patakaran at prinsipyo na nagtatakda kung paano bumubuo at ginagamit ang mga salita, parirala, at pangungusap upang magpahayag ng kahulugan. Sa pamamagitan ng gramatika, nagkakaroon ng istruktura at kaayusan ang wika, na siyang nagiging batayan ng malinaw at epektibong komunikasyon. Sa pamamagitan ng pag-aaral at pagsunod sa mga tuntunin ng gramatika, nagiging mas malinaw at epektibo ang komunikasyon, at nagkakaroon ng matibay na batayan para sa patuloy na pag-unlad at pagpapayaman ng wika.

Ang ortograpiya ay pagbabaybay at pagbibigay ng simbolo sa paraang pasalita at pasulat. Ang mga wika ay may sariling pamamaraan ng pagsasama ng mga simbolo/ titik/ karakter sa mga makabuluhang tunog at ponema. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay nagtatag ng isang sistema para sa pagsasanib ng mga mahahalagang katangian ng sariling wika sa isang maayos na ortograpiyang Filipino na magagamit sa lahat ng mga wika ng Pilipinas. Ang panuntunang ito ay nagmula sa kasalukuyang paggamit ng wikang pambansa at pinupunan ang mga napagkasunduang tuntunin na nagreresulta mula sa iba't ibang pamamaraan ng paghingi ng gabay sa mga kontrobersyal na usaping ortograpiya (Buendia, 2019).

Sinabi ni Almario (2015) na ang ortograpiyang Filipino o palatitikan ay binubuo ng mga tuntunin. Sa mahabang panahon na lumipas, hindi na alintana ang mga naganap na pagbabago sa ortograpiya ng wikang pambansa mula sa pinagyamang alpabeto o Alpabetong Pilipino ng Pilipinas hanggang sa Ortagropiyang Pambansa ng 2013.

Lumabas naman sa pag-aaral ni Ibay (2021) na "Kakayahan ng mga Guro sa Filipino: Susi sa Pagpapayaman ng Kaalaman sa Gramatika ng mga Mag-aaral," na pangunahing tungkulin ng mga guro sa pagtuturo ng wika ay ang balarila. Ang kaalaman ng mga mag-aaral ay maaaring may kinalaman sa kakayahan ng mga guro.

Patuloy na isinagawa ang BE-LRP (DO no.18 s. 2020) na patungkol sa iba't ibang paraan o polisiya sa pagbibigay ng edukasyon sa mga mag-aaral. Maraming estudyante ang nahirapan sa pagsulat, pagbasa at pag-unawa sa binabasa, kung

kaya't ipinagpatuloy ang programa ng Departamento ng Edukasyon na Learning Recovery and Continuity Plan (LRCP)

Matapos ang pandemya at unti-unting bumalik ang mga estudyante sa paaralan at napansin ang naging hirap ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ng SHS sa Dayap National Integrated High School sa pamamagitan ng mga pre-test na ibinigay, ay nakitaan ng hirap sa mga proseso ng pagbasa, at pag-unawa sa binasa.

Ito ang nagbigay-daan sa mananaliksik upang bigyang-pansin ang aspektong ito sa mga mag-aaral ng Dayap National Integrated High School-Senior High School upang makabuo ng kagamitang pampagkatuto na makatutulong na mapaunlad ang kakayahan nila sa pasasalita at pagsulat. Ang pinagbatayang asignatura ay Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (KPWKP) ng kagamitang pampagkatuto na workbook.

### *1.1 Paglalahad ng Suliranin*

Ang mga katanungan ang sasagutin sa pananaliksik na ito:

1. Ano ang antas ng kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino batay sa;
   - 1. 1. layunin;
   - 1. 2. nilalaman;
   - 1. 3. pagsasanay;
   - 1. 4. disenyo;
   - 1. 5 teknikal na pormat; at
   - 1. 6 kaangkupan?
2. Ano ang antas ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat batay sa;
   - 2.1. Pagbabaybay; at
   - 2.2. Pagbigkas?
3. Ano ang antas ng pagganap ng mag-aaral batay sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay?
4. May makabuluhang epekto ba ang kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang epekto ba ang KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat sa antas ng pagganap ng mga mag-aaral?
6. Anong programa ang maaaring mabuo upang paunlarin ang kagamitang pampagkatuto na KOMPIYA?

## 2. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Gumamit ng deskriptibong disenyo ang pananaliksik na ito. Ayon kay Baraceros (2019), ang deskriptibong disenyo ay ginagamit upang mangalap ng impormasyon ukol sa mga salik na kaugnay ng paksa ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng mga nakalap na impormasyon at ebidensiyang ito, napatitibay ang konklusyon sa hinuha.

Gumamit din ang mananaliksik ng kwantitatibong pagdulog upang tukuyin ng lebel ng pagkatuto at pagganap ng mga estudyante sa ikalabing-isang baitang, gayundin sa pagtukoy ng pagtanggap sa materyal na KOMPIYA batay sa batayan, layunin at nilalaman at ang Pagsasanay batay sa katangian, disenyo, teknikal na porma at kaangkupan. Ginamit ang tseklist upang malaman at makuha ang datos na kailangan ng mananaliksik. Ginamit ang mga nabanggit na paraan upang mabigyang-interpretasyon ang mga angkop na datos sa pamamagitan ng talahanayan.

## 3. PRESENTASYON, ANALISIS, AT INTERPRETASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng presentasyon, analisis, interpretasyon o pagpapakahulugan ng mga datos na nakalap ng mananaliksik. Ang mga ito ay iginawa ng talahanayan para sa mabilis na pagkakaunawa ng pananaliksik. Ang sumusunod na nakatalahanayang presentasyon at pagtalakay ay maglalapat ng ibayong karakterisasyon sa KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang kagamitang pampagkatuto at sa kasanayan ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat. Matatagpuan din sa kabanatang ito ang interbensiyon na ginawa ng mananaliksik.

Ang mga datos na nakalahad sa kabanatang ito ay batay sa pagkakasunod-sunod ng pagblalahad ng suliranin. Ipapakita rin ang mga istatistikal na pamamaraan sa mga talahanayan na sumagot sa pananaliksik na KOMPIYA kagamitang pampagkatuto sa Filipino at kakayahan sa proseso ng pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral.

**Antas ng Kawastuhan ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino**

Sa pananaliksik na ito, sinuri ang nilalaman ng kagamitang KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya), at kung paanong makatutulong ang mga bahagi nito sa proseso ng pagsulat. Patungkol ito sa ortograpiya o pagbabaybay ng mga salita, pasulat o pasalita na pamamaraan man.

Upang malaman ang antas ng kawastuhan ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino, gumamit ang mananaliksik ng tseklis. Binigyang interpretasyon ang mga datos na galing sa respondante gamit ang Weighted Mean, Standard Deviation, at Literal na Paliwanag o Puna.

Napakahalaga ng kagamitang pampagkatuto tulad ng *workbook* dahil ito ang nagdudulot ng pagsasanay sa mga makrong kasanayan. Isa sa mabisang paraan ang *printed* na kagamitan sa pampagkatuto dahil may ilan pa ring estudyante ang walang kakayanan or paraan na makagamit ng teknolohiya.

Sa ibaba ay makikita ang antas ng kawastuhan ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino at Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat batay sa Layunin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1**
***Antas ng kawastuhan ng KOMPIYA bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino batay sa Layunin***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Malinaw na nakalahad ayon sa porma ng SMART.* | 4.72 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Pinauunlad nito ang kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral bilang isa sa mga esensyal na kasanayang nararapat mapagyaman sa mga mag-aaral.* | 4.81 | 0.45 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Angkop ang mga layunin sa kakayahan, interes at abilidad ng mga mag-aaral.* | 4.59 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaangkla sa Basic Education – Learning Recovery Plan (BE-LRP) ng paaralan.* | 4.57 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Kapaki-pakinabang sa pangmatagalang ikauunlad ng kalidad ng edukasyon ang mga itinakdang layunin.* | 4.67 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.67***
***Standard Deviation: 0.34***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na may pinakamataas na iskor ay "*Pinauunlad nito ang kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral bilang isa sa mga esensyal na kasanayang nararapat mapagyaman sa mga mag-aaral*" na nakakua ng (M=4.81, SD=0.45) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa layunin.

Ang ikalawang pahayag na may mataas na iskor ay "*Malinaw na nakalahad ayon sa porma ng SMART*" na nakakuha ng (M=4.72, SD=0.48) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa layunin.

Ang ikatlong pahayag na *"Kapaki-pakinabang sa pangmatagalang ikauunlad ng kalidad ng edukasyon ang mga itinakdang layunin"* ay nakakuha ng (M=4.67, SD=0.54) na may deskripsiyon na lbhang mataas at pun ana lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa layunin.

Ang ikaapat na pahayag naman na *"Angkop ang mga layunin sa kakayahan, interes, at abilidad ng mga mag-aaral"* ay nakakuha ng (M=4.59, SD=0.59). Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa layunin.

Ang pahayag na may pinakamababang iskor ay *ang "Nakaangkla sa Basic Education – Learning Recovery Plan (BE-LRP) ng paaralan"* na nakakuha ng ng (M=4.57, SD=0.57). Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa layunin.

Ang kabuoang resulta ng pananaliksik ay may (WM=4.67, SD=0.34) ay nagpapakita na ang antas ng paggamit ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino ayon sa layunin ay may literal na paliwanag na lubhang mataas. Nangangauhulugang may lubos na katanggap-tanggap itong layunin na siyang naging mapa ng binuong kagamitan.

Laman ng talahanayan 2 ang Antas ng kawastuhan ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) nilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino at Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat batay sa Nilalaman.

**Talahanayan 2**
***Antas ng Kawastuhan ng KOMPIYA bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino batay sa Nilalaman***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Wasto ang pagkakaayos ng mga gawain sa KOMPIYA upang makagabay sa pag-unawa ng nasaklaw na aralin.* | 4.70 | 0.50 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Kongkreto at organisado ang nilalaman ng KOMPIYA.* | 4.67 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatutulong ang nilalaman ng KOMPIYA sa mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral.* | 4.63 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Malinaw at maayos ang pagkakalahat ng nilalaman ng KOMPIYA.* | 4.61 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakabatay ang nilalaman ng KOMPIYA sa kurikulum.* | 4.43 | 0.65 | Lubos na sumasang-ayon |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

***Overall Mean: 4.61***
***Standard Deviation: 0.36***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na may pinakamataas na iskor *ay "Wasto ang pagkakaayos ng mga gawain sa KOMPIYA upang makagabay sa pag-unawa ng nasaklaw na aralin"* ay nagkamit ng (M=4.70, SD=0.50) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa nilalaman.

Ang ikalawang pahayag na may mataas na iskor ay *"Ang kongkreto at organisado ang nilalaman ng KOMPIYA"* ay nagkamit ng (M=4.67, SD=0.51) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa nilalaman.

Ang ikatlong pahayag naman *na "nakatutulong ang nilalaman ng KOMPIYA sa mabilis na pagkatuto ng mga mag-aaral"* ay nagkamit ng (M=4.63, SD=0.55) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa nilalaman.

Ang ikaapat na pahayag na *"Malinaw at maayos ang pagkakalahat ng nilalaman ng KOMPIYA"* ay nagkamit ng (M=4.61, SD=0.59) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa nilalaman.

Ang ikaalimang pahayag na may pinakamababang marka naman ay "*Nakabatay ang nilalaman ng KOMPIYA sa kurikulum"* ay nagkamit ng (M=4.43, SD=0.65). na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa nilalaman.

Ang kabuoan resulta ng pananaliksik ay may (WM=4.61, SD=0.36) ay malinaw na nagpapakita na ang antas ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino ayon sa nilalaman ay may literal na paliwanag na lubhang mataas. Ito ay nagpapahiwatig na ang nilalaman ng KOMPIYA ay lubos na akma sa mga pangangailangan ng asignatura at ng mga estudyante upang mapalawak ang kanilang abilidad sa pagsulat.

Ang nilalaman sa kagamitang pampagkatuto ay mahalaga dahil ito ang naglalaman ng impormasyon at kaalaman na kailangan ng mga mag-aaral upang matuto at umunlad. Ito ang nagbibigay ng kaugnayang kontekstwal at nagtutulak sa mga mag-aaral na mag-isip nang malalim at magkaroon g malawak na pang-unawa sa mga konsepto at kasanayan.

Ang nilalaman sa kagamitang pampagkatuto ay mahalaga dahil ito ang naglalaman ng impormasyon at kaalaman na kailangan ng mga mag-aaral upang matuto at umunlad. Ito ang nagbibigay ng kaugnayang kontekstwal at nagtutulak sa mga mag-aaral na mag-isip nang malalim at magkaroon g malawak na pang-unawa sa mga konsepto at kasanayan.

Ang talahanayan 3 ay naglalaman ng Antas ng kawastuhan ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino at Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat ukol sa Pagsasanay.

**Talahanayan 3**
***Antas ng Kawastuhan ng KOMPIYA bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino batay sa Pagsasanay***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Malinaw ang pagkakalahad ng rubrik upang mataya nang maayos ang mga tugon sa pagsasanay.* | 4.53 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *May sapat na bigat ang mga puntos na nakalaan sa bawat pagsasanay bilang pagtataya sa natamong pagkatuto.* | 4.37 | 0.58 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Malinaw na naipaliwanag sa mga mag-aaral ang mga pamantayan upang magabayan sa pagsasanay.* | 4.66 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *May iba't ibang uri ng pagsasanay na ginagamit upang matiyak na ang bawat kahinaan ay natututukan at patuloy na mapaghusay.* | 4.54 | 0.66 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nahahasa ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsagot ng mga pagsasanay.* | 4.71 | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.56***
***Standard Deviation: 0.37***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na may pinakamataas na iskor ay "nahahasa ang kaalaman ng mga estudyante sa pagsagot ng mga pagsasanay" ay nagkamit ng (M=4.71, SD=0.48) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa pagsasanay.

Ang ikalawang pahayag na may mataas na iskor *ay "Malinaw na naipaliwanag sa mga estudyante ang mga pamantayan upang magabayan sa pagsasanay"* ay nagkamit ng (M=4.66, SD=0.59) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa pagsasanay.

Ang ikatlong pahayag naman na "May iba't ibang uri ng pagsasanay na ginamit upang matiyak na ang bawat kahinaan ay natutukan at patuloy na mapaghusay" ay nagkamit ng (M=4.54,SD=0.66) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa pagsasanay.

Ang ikaapat na pahayag na "*Malinaw ang pagkakalahad ng rubrik upang mataya nang maayos ang mga tugon sa pagsasanay"* ay nagkamit ng (M = 4.53, SD = 0.61) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa pagsasanay.

Ang ikalimang pahayag ay na "May sapat na bigat ang mga puntos na nakalaan sa bawat pagsasanay bilang pagtatay sa natamong pagkatuto" ay nagkamit ng (M = 4.37, SD = 0.57) na may deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumaang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa pagsasanay.

Ang kabuoang resulta ng pananaliksik ay may (WM=4.56, SD 0.37) ay nagpapahiwatigantas ng paggamit ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino ayon sa pagsasanay ay may literal na paliwanag na lubhang mataas. Nangangauhulugang may lubos na katanggap-tanggap itong mga gawain na nakaayon sa pangangailangan ng asignatura at mga estudyante sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagsulat.

Kinakitaan ng mataas na resulta ang talahanayan ng pagsasanay kung kaya't hindi maikakaila ang pag-aaral ni Florentino na ito ay tumutulong sa mga indibidwal na matutunan ang mga bagong impormasyon at kasanayan na kinakailangan sa kanilang mga gawain.

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng Antas ng kawastuhan ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino at Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat ukol sa Disensyo.

**Talahanayan 4**
***Antas ng Kwastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino batay sa Disenyo***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Tugma ang laki ng espasyo upang matugunan ang mga pagsasanay.* | 4.42 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Malikhain ang presentasyon ng mga panuto, gawain at aralin.* | 4.63 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Angkop ang font style, font type at font size para sa nilalaman, pagsasanay at antas ng mga target na gagamit.* | 4.42 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Malaya sa anumang kiling pangkasarian ang mga grapiko at gawain.* | 4.63 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Sapat ang sukat ng mga pantulong na ilustrasyon at grapiko ayon sa antas ng mga target na gawain.* | 4.49 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.52***
***Standard Deviation: 0.35***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang dalawang pahayag na may pinakamataas na iskor ay *"Malikhain ang presentasyon ng mga panuto, gawain at aralin at malaya sa anumang kiling pangkasarian ang mga grapiko at gawain"* ay nagkamit ng (M=4.63, SD=0.54 at 0.53) na may parehong deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa disenyo.

Ang susunod na mga pahayag na *"Ang sapat ang sukat ng mga pantulong na ilustrasyon at grapiko ayon sa lebel ng mga target na gawain"* (M=4.49, SD=0.61) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa disenyo.

Ang dalawang huling pahayag na may pinakamababang iskor na "tugma ang laki ng espasyo upang matugunan ang mga pagsasanay at ang angkop ang font style, font type at font size para sa nilalaman, pagsasanay at lebel ng mga target na gagamit" na may mean na (4.42) at standard deviation na (0.61 at 0.63) na may parehong deskripsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kagamitang pampagkatuto batay sa disenyo

Ang kabuoang resulta ng pananaliksik na may (WM=4.52, SD=0.35) ay nagpapahiwatig na ang antas ng paggamit ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino batay sa disenyo ay may literal na paliwanag na lubhang mataas. Nangangahulugang may ganap na katanggap-tanggap itong disenyo upang maging kawili-wili sa mga estudyante na gumamit nito. Malinaw na kaakit-akit sa mga mag-aaral ang maayos na disenyo sa isang kagamitang pampagkatuto hindi lamang ang mga mga kulay o itura nito maging kung paano ito iprenisenta sa mga gagamit na mag-aaral.

Ang talahanayan 5 naman ay ang Antas ng kawastuhan ng KOMPIYA bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino at Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat ukol sa Teknikal na Pormat.

**Talahanayan 5**

***Antas ng Kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino batay sa Teknikal na Pormat***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Malaya ang materyal sa anumang kalisyaang tipograpikal.* | 4.39 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaayon ang mga terminong ginamit sa kapormalan ng materyal bilang pang-agapay sa edukasyon.* | 4.61 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *May kaayusan ang mga bantas at sapat ang espasyo ng mga aralin.* | 4.65 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Malaya ang materyal sa anumang kalisyaang gramatikal.* | 4.56 | 0.56 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nagsisilbing modelo ng aralin ang taglay na teknikalidad ng materyal.* | 4.64 | 0.57 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.57***
***Standard Deviation: 0.39***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na may pinakamataas na iskor ay *"May kaayusan ang mga bantas at sapat ang espasyo ng mga aralin*" ay nagkamit ng (M=4.65, SD=0.56) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa teknikal na pormat.

Ang ikalawang pahayag na *"Ang nagsisilbing modelo ng aralin ang taglay na teknikalidad ng materyal"* na nagkamit ng (M=4.64, SD=0.57) na may deskipsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa teknikal na pormat.

Ang ikatlong pahayag naman na *"Nakaayon ang mga terminong ginamit sa kapormahan ng material bilang pang-agapay sa edukasyon*" ay nagkamit ng (M=61, SD=0.55) na may deskipsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa teknikal na pormat.

Ang ikatlong pahayag naman na *"Malaya ang materyal sa anumang kalisyaang gramatikal*" ay nagkamit ng (M=56, SD=0.56) na may deskipsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa teknikal na pormat.

Ang pahayag na may pinakamababang iskor ay "Malaya ang materyal sa anumang kalisyaang tipograpikal" na nagkamit ng (M = 4.39, SD = 0.59) na may deskipsiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa teknikal na pormat.

Ang kabuuang resulta ng pananaliksik na ito (WM=4.57; SD= 0.39) ay nagpapahiwatig na lubhang mataas ang lebel ng paggamit ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino ukol sa teknikal na pormat. Nangangahulugang may lubos na katanggap-tanggap itong teknikal na pormat na nakatulong sa malinaw na daloy ng pagkatuto mula sa binuong kagamitan. Kung kaya't malinaw na ang teknikal na pormat ay mahalaga sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto maging ito ay online o printed kinakailangang maayos ang pormat nito.

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng Antas ng kawastuhan ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino at Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat ukol sa Kaangkupan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 6**
*Antas ng Kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino batay sa Kaangkupan*

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Angkop ang mga pagsasanay sa inilahad sa aralin.* | 4.80 | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Bagay ang mga layunin sa hanay ng aralin at mga gawain.* | 4.67 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaangkla ang bigat ng mga gawain sa pagsasanay sa antas ng mga mag-aaral.* | 4.33 | 0.63 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaayon ang mga nilalaman at pagsasanay sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo.* | 4.53 | 0.59 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Tugma ang nilalaman, gawain at pagsasanay sa indibidwal na pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral* | 4.63 | 0.54 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.59***
***Standard Deviation: 0.34***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na may pinakamataas na iskor ay *"Angkop ang mga pagsasanay sa inilahad sa aralin"* ay nagkamit ng (M=4.80, SD=0.42) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa kangkupan.

Ang ikalawang pahayag na may mataas na iskor ay "bagay ang mga layunin sa hanay ng aralin at mga gawain" ay nagkamit ng (M=4.67, SD=0.54) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa kangkupan.

Ang ikatlong pahayag naman na "*Ang tugma ang nilalaman, gawain at pagsasanay sa indibidwal na pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral"* ay nakakuha ng (M=4.63, SD=0.54) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa kangkupan.
Ang ikaapat na pahayag naman na *"Ang nakaayon ang mga nilalaman at pagsasanay sa pangangailangan ng mga mag-araal sa ika-21 siglo"* ay nagkamit ng (M=4.53, SD=0.59) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa kangkupan.

Ang pahayag na may pinakamababang iskor "paglalahad na nakaangkla ang bigat ng mga gawain sa pagsasanay sa lebel ng mga estudyante" na nagkmait ng (M = 4.33, SD = 0.63) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto batay sa kangkupan. Kinakailangan na ang mga pagsasanay ay hindi lamang panay Lower order thinking skills kung hindi kailangan din ng higher order thinking skills.

Ang kabuoang resulta ng pananaliksik (WM=4.59, SD=0.34) ay ipinahihiwatig na ang antas ng paggamit ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino ayon sa kaangkupan ay may literal na palianag na lubhang mataas. Nangangauhulugang may lubos na katanggap-tanggap itong kaangkupan sa interes o kawilihan, pangangailangan at lebel ng mga estudyante na gumamit. Nararapat na maging angkop ang mga materyal na kagamitan sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagtamo ng mga kaalaman na.

**Antas ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat**

Upang malaman ang antas ng KOMPIYA bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat batay sa Pagbabaybay, at Pagbigkas, ginamitan ng tseklis ang pananliksik. Binigyang interpretasyon ang mga datos mula sa respondante gamit ang Weighted Mean, Standard Deviation, at Literal na Paliwanag. Ang proseso pagsulat ay isang uri ng makrong kasanayan na mahalaga sa isang indibidwal. Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin para sa ibang tao. Magiging malaki ang tulong nito sa paraan ng komunikasyon.

Ang talahanayan 7 ay nagpapakita ng Antas ng KOMPIYA bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat batay sa Pagbabaybay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 7**
***Antas ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat batay sa Pagbabaybay***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *May baryasyon ng mga gawain na susubok sa kasanayan sa pagbabaybay.* | 4.67 | 0.53 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Humahamon at nakapagpapaunlad sa kritikal na pag-iisip ang gawain sa pagbabaybay.* | 4.64 | 0.55 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Madaling ilapat sa pagsulat ang mga tuntunin sa pagbabaybay.* | 4.36 | 0.61 | Lubos na sumasang-ayon |
| *May sapat na pagtataya na susukat sa kasanayan sa pagbabaybay.* | 4.55 | 0.60 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakatulong ang rubrik upang maging gabay sa wastong baybay sa pagbuo ng sulatin.* | 4.72 | 0.52 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.58***
***Standard Deviation: 0.38***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na may pinakamataas na iskor ay *"Nakatulong ang rubrik upang maging gabay sa wastong baybay sa pagbuo ng sulatin"* ay nagkamit ng (M=4.72, SD=0.52) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbabaybay.

Ang ikalawang pahayag na *"Ang may baryasyon ng mga gawain na susubok sa kasanayan sa pagbabaybay"* ay nagkamit ng (M=4.67, SD=0.53) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbabaybay.

Ang ikatlong pahayag naman na *"Humahamon at nakapagpapaunlad sa kritikal nap ag-iisip ang gawain sa pagbabaybay"* at nakamit ng (M=4.64, SD=0.55) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbabaybay.

Ang iakaapat na pahayag naman na *"May sapat na pagtataya na susukat sa kasanayan sa pagbabaybay"* ay nagkamit ng (M=4.55, SD=0.60) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbabaybay.

Ang pahayag na may pinakamababang iskor ay *"Paglalahad na madaling ilapat sa pagsulat ang mga tuntunin sa pagbabaybay"* ay nagkamit ng (M = 4.36, SD = 0.61) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbabaybay.

Ang kabuoang resulta ng pananaliksik (WM=4.58, SD=0.38) ay nagpapahiwatig na ang antas ng paggamit ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino ayon sa pagbabaybay ay may literal na paliwanag na lubos na mataas. Nangangauhulugang may lubos katanggap-tanggap itong kakayahang magturo ng pagbabaybay bilang isang mabigat na komponent ng pagsulat. Ipinapakita lang ng resulta na ang tamang pagbabaybay ay tumutulong sa pagpapanatili ng mga pamantayan sa wika. Ito ay nag-aambag sa isang unipormeng sistema ng pagsusulat na kinikilala at ginagamit ng lahat.

Ang talahanayan 8 ay naglalaman ng Antas ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat ukol sa Pagbigkas.

**Talahanayan 8**
***Antas ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat batay sa Pagbigkas***

| Mga Pahayag | Mean | SD | Puna |
|---|---|---|---|
| *Malinaw na naipaliwanag ang mga tuntunin sa pagbigkas ng salita.* | 4.76 | 0.47 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Nakaayon ang mga tuntunin sa pagbigkas sa mapagkakatiwalaang sanggunian.* | 4.71 | 0.51 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Madaling unawain ang mga ginamit na halimbawa sa pagbigkas ng salita.* | 4.60 | 0.6 | Lubos na sumasang-ayon |
| *Mabilis tandaan ang mga tuntunin sa pagbigkas dahil sa magaan na pagkakalahad.* | 4.57 | 0.6 | Lubos na sumasang-ayon |
| *May sapat na pagsasanay upang mahasa ang kasanayan sa pagbigkas.* | 4.73 | 0.5 | Lubos na sumasang-ayon |

***Overall Mean: 4.67***
***Standard Deviation: 0.37***
***Literal na paliwanag: Lubhang Mataas***

Ang unang pahayag na may pinakamataas na iskor ay *"Malinaw na naipaliwanag ang mga tuntunin sa pagbigkas ng salita"* ay nagkamit ng (M=4.76, SD=0.47) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbigkas.

Ang ikalawang pahayag na may mataas na iskor ay *"Sapat na pagsasanay upang mahasa ang kasanayan sa pagbigkas"* ay ngakamit ng (M=4.73, SD=0.49) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbigkas.

Ang ikatlong pahayag naman na *"Nakaayon ang mga tuntunin sa pagbigkas sa mapagkakatiwalaang sanggunian"* ay nagkamit ng (M=4.71, SD=0.51) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbigkas.

Ang ikaapat na pahayag naman *na "Madaling unawain ang mga ginamit na halimbawa sa pagbigkas ng salita"* ay nagkamit ng (M= 4.60, SD = 0.6) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbigkas.

Ang pahayag na may pinakamababang marka *ay "paglalahad na mabilis tandaan ang mga tuntunin sa pagbigkas dahil sa magaan na pagkakalahad"* ay nagkamit ng (M= 4.57, SD = 0.62) na may deskrisiyon na lubhang mataas at puna na lubos na sumasang-ayon. Nangangahulugan lamang na sumasang-ayon ang mga tagatugon sa kakayahan sa proseso ng pagsulat batay sa pagbigkas.

Ang kabuoang resulta ng pananaliksik (WM=4.68, SD=0.37) ay nagpapahiwatig na ang antas ng paggamit ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino ukol sa pagbigkas. Nangangahulugang may literal na pahayag na lubos na mataas itong kakayahang magturo ng pagbigkas na makakaagapay sa mga estudyante sa kasanayang sa epektibong komunikasyon. Pinapakita sa resulta ng pagbigkas na napakahalaga ng napakaraming pagsasanay.

**Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay**

Nilalaman ng pananaliksik na ito ang Antas ng Pagganap ng mga Estudyante ukol sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay. Ito ay isang pamamaraan ng pagpapaksa at analisi ng mga personal na karanasan, opinyon, at damdamin. Isa sa hakbang na maaaring sundan sa pagsulat ng isang replektibong sanaysay ay ang pagsasaayos ng mga datos upang hindi malito ang taong magbabasa nito.

Upang malaman ang lebel ng pagganap ng mga estudyante ukol sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay ay nagpasagot ang mananaliksik ng isang gawain na sasagutin sa pamamagitan ng sanaysay at binigyan ito ng karampatang marka base sapamantayan na inilahad ng mananaliksik. Binigyang interpretasyon ang mga datos mula sa respondante gamit ang *Frequency, Weighted Mean, Standard Deviation,* at Literal na Paliwanag o Puna.

Ang talahanayan 9 ay naglalaman ng Antas ng Pagganap ng mag-aaral ukol sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay.

**Talahanayan 9**
***Antas ng pagganap ng mag-aaral batay sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay***

| Raw Score | Kabuoan (f) | Bahagdan (%) | Mapaglarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 21-25 | 111 | 74% | Pinakamahusay |
| 16-20 | 37 | 24.67% | Higit na Mahusay |
| 11-15 | 2 | 1.33% | Mahusay |
| 6-10 | 0 | 0.00% | Katamtamang Mahusay |
| 1-5 | 0 | 0.00% | Hindi Mahusay |
| **Total** | **150** | **100** | |
| **Weighted Mean** | ***21.85*** | | |
| **Pinakamababang Marka** | ***15*** | | |
| **Pinakamataas na marka** | ***25*** | | Napakakasiya-siya |
| **Standard Deviation** | ***2.01*** | | |

Ang talahanayan ay malinaw na nagpapakita ng lebel ng pagganap ng estudyante ukol sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay, sa kabuoang isangdaan at limampu na tagatugon. Ang raw score na "21 to 25" ay natamo ng nakakararaming estudyante na isangdaan at labing-isa (111) o 74% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Pinakamahusay. Ang raw score na "16 to 20" ay mayroong namang bilang na tatlumpu at pito (37) o 24.67% ng kabuoang tumugon at may

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

mapaglarawang katumbas na Higit na Mahusay. Habang ang raw score na "11 to 15" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na tatlo (3) o 1.33% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na Mahusay.

May kabuoang resulta (WM=21.85, SD = 2.01) na may pinakamababang marka na 15 at pinakamataas na marka na 25 ay nagpapahiwatig na ang lebel ng pagganap ng estudyante ukol sa Pagsulat ng Replektibong Sanaysay ay napakakasiya-siya. Nangangahulugang ang KOMPIYA ay madaling nagamit ng mga respondante sa paglalapat ng repleksyon sa isang sulatin.

Mangyaring tandaan na dapat magkaroon ka rin ng maayos na pagkakasunod-sunod ng mga ideya at magkaroon ng malinaw na panimula, gitna, at wakas. Ang paggamit ng mga konkreto at tiyakna halimbawa ay makatutulong sa pagpapakita ng iyong mga punto at magbibigay ng kalaliman sa iyong sanaysay.

Ang talahanayan 10 ay naglalaman ng Makabuluhang Epekto ng kawastuhan ng KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya) bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa pagganap ng mga estudyante.

**Talahanayan 10**
***Makabuluhang Epekto ng Kawastuhan ng KOMPIYA Bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa Pagganap ng mga Mag-aaral***

| Pagganap | B | SE | β | t | P |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 25.478 | 2.714 | | 9.387 | 0.000 |
| *Layunin* | | 0.695 | -0.667 | -0.96 | 0.339 |
| *Nilalaman* | | 0.728 | -0.1 | -0.138 | 0.891 |
| *Pagsasanay* | | 0.755 | -0.609 | -0.806 | 0.421 |
| *Disenyo* | | 0.637 | 0.51 | 0.8 | 0.425 |
| *Teknikal na Pormat* | | 0.605 | -0.223 | -0.368 | 0.713 |
| *Kaangkupan* | | 0.728 | 0.313 | 0.43 | 0.667 |
| *R-squared* | | | 0.031 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | -0.01 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 2.023 | | | |
| *F(6, 143)* | | | | 0.754 | .608 |

Upang malaman kung makabuluhan ba ang epekto ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa pagganap ng mga estudyante at gumamit ang mananaliksik ng *multiple regression* sa pagkuha ng mga datos sa pananaliksik na isinagawa.

Isinasaad ng Talahanayan ang resulta ng multiple regression analysis sa pagsusuri ng epekto sa pagitan ng kawastuhang ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa pagganap ng mga estudyante. Ang regression model ay nagpapaliwanag ng 3.1% ng variance sa pagganap ng mga estudyante (R-squared = 0.031). Ang Layunin (β = -0.667, p > 0.05), Nilalaman (β = -0.1, p > 0.05), Pagsasanay (β = -0.609, p > 0.05). Disenyo (β = 0.51, p > 0.05), Teknikal na Pormat (β = -0.223, p > 0.05) at Kaangkupan (β = 0.313, p > 0.05) ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga estudyante. Ang F-test ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan (F (6, 143) = 0.754, p < 0.608), nagpapahiwatig na ang regression model ay hindi tugma sa mga datos. Ang standard error of the estimate ay 2.023, na sumasalamin sa average deviation sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga estudyante.

Ipinapahiwatig din nito na ang haypotesis na "Walang makabuluhang epekto ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa pagganap ng mga estudyante" ay tanggapin. Samakatuwid, walang epekto ang KOMPIYA sa pagkatuto ng mga estudyante.

Ang Talahanayan 11 ay nagpapakita ng Makabuluhang Epekto ng KOMPIYA bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat sa Pagganap ng mga estudyante.

**Talahanayan 11**
***Makabuluhang Epekto ng KOMPIYA Bilang Kagamitang Pampagkatuto sa Filipino at Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat sa Pagganap ng mga Mag-Aaral***

| Pagganap | B | SE | β | t | p |
|---|---|---|---|---|---|
| *Constant* | 25.45 | 2.247 | | 11.327 | 0.000 |
| *Pagbabaybay* | | 0.601 | -0.214 | -0.356 | 0.722 |
| *Pagbigkas* | | 0.622 | -0.561 | -0.901 | 0.369 |
| *R-squared* | | | 0.018 | | |
| *Adjusted R-squared* | | | 0.004 | | |
| *Standard Error of the Estimate* | | 2.008 | | | |
| *F(2, 147)* | | | | 1.311 | 0.273 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 8| August2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Upang malaman kung makabuluhan ba ang epekto ng kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino at sa kakayahan sa proseso ng pagsulat sa pagganap ng mga estudyante, ginamitan ang pagsasaliksik na ito ng multiple regression.

Ipinapakita ng talahanayan ang resulta ng multiple regression analysis sa pagsusuri ng epekto sa pagitan ng kawasatuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat sa pagganap ng mga estudyante. Ang regression model ay nagpapaliwanag ng 1.8% ng variance sa pagganap ng mga estudyante (R-squared = 0.018). Ang Pagbabaybay ($\beta = -0.214$, $p > 0.05$) at Pagbigkas ($\beta = -0.561$, $p > 0.05$) ay walang positibong epekto sa pagganap ng mga estudyante. Ang F-test ng lahat ng modelo ay hindi makabuluhan ($F (6, 143) = 1.311$, $p < 0.273$), nagpapahiwatig na ang regression model ay hindi tugma sa mga datos. Ang standard error of the estimate ay 2.008, na sumasalamin sa average deviation sa pagitan ng sinusunod at hinulaan na pagganap ng mga mag-aaral.

Maliwanag na ipinapahiwatig nito na ang haypotesis na "Walang makabuluhang epekto ng kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat sa pagganap ng mga estudyante" ay tanggapin. Sa makatuwid, walang epekto ang KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino. Nanganguhulugan ito ng kawalang katiyakang ang kagamitan ay nakatulong upang mahubog ang kasanayan ng mga estudyante sa proseso ng pagsulat.

**Programa upang mapaunlad ang Kagamitang Pampagtuturo na KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya)**

Ang Talahanayan 12 ay nagpapakita ng nabuong Programa upang mapaunlad ang Kagamitang Pampagtuturo na KOMPIYA (Komunikasyon at Ortograpiya).

**Talahanayan 12**

***Programa upang mapaunlad ang Kagamitang Pampagtuturo na KOMPIYA***

| Layunin | Istratehiya/ Aktibiti | Mga Kasangkot | Inaasahang Awtput |
|---|---|---|---|
| Matalakay ang mga tuntunin sa Ortograpiyang Filipino | Magbigyan ng seminar patungkol sa makabagong Ortograpiyang Filipino | Punongguro, MT, HT, at Mga Guro sa Filipino | Maging malinaw sa bawat isa ang bawat pagbabago sa Ortograpiyang Filipino |
| Malaman ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa ortograpiya | Magbigay ng paunang pagsusulit tungkol sa ortograpiya | Mga mag-aaral sa ika-11 baitang at mga guro sa Filipino | Mabigyang pansin ang mga mag-aaral na makakakuha ng mababang marka |
| Mapataas ang antas ng mga mag-aaral sa paggamit ng kagamitang pampagkatuto patungkol sa ortograpiya | Isama ang workbook na KOMPIYA sa mga gawaing ipagagawa sa mga mag-aaral ng TVL | Mga Guro sa Filipino at ika-11 mag-aaral sa SHS na nasa Track na TVL | Tumaas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa Ortograpiya at mahasa sila sa pagbabaybay sa paraang pasalita at pasulat. |

Ang programang interbensiyon ay isang gawain upang makatulong sa mga estudyante na mapayabong ang pagganap sa akademik. Ito ay pagbibigay ng mga aktibiti o gawain na nilalayong mapabuti ang kasanayan sa pag-aaral at pangkalahatang pag-unlad ng mga estudyante.

Sa pananaliksik na ito ay makikitang walang makabuluhang epekto ang paggamit ng KOMPIYA sa napiling respondante na mula sa ika-11 baitang ng track na HUMSS, ABM, at STEM. Kinakitaang sila ng kahusayan sa pagsagot sa mga nakahandang aktibiti sa *workbook* at sa pagsulat ng replektibong sanaysay sa kadahilanang nakapokus sa akademikong paksa o gawain ang mga ito.

Ang bawat simula ay kinakailangan ng mahusay na paghahanda. Ang seminar o palihan ay magandang paraan ng pagsisimula sa kahit na anong gawain. Maaaring magkaroon ng oportunidad ang mga indibidwal na magkaroon ng praktikal na pagsasanay at pagpapaunlad ng kanilang kasanayan. Isa sa mga kailangang gawin interbensiyon sa pananaliksik na ito ay magkaroon ng seminar patungkol sa makabagong Ortograpiyang Filipino ang mga Punongguro, Head, Master, lalo na ang mga guro mismo sa Filipino. Higit na mainam na alam muna ng mga nabanggit ang paksa bago ibaba sa mga estudyante.

Bawat estudyante ay may kanya-kanyang kakayahan at kaalaman sa kanilang pinag-aaralan. Isa ang pagbibigay ng paunang pagsusulit sa pagtuklas ng lebel ng kaalaman ng mga estudyante bago magkaroon ng aktuwal na pagtuturo ng isang guro. Mas magiging mabilis sa isang guro ang pagbibigay ng mga kasanayan sa mga estudyante na naging mababa ang resulta. Maaaring masuri ang epekto ng ginawang interbensiyon gamit ang mga pagsasanay at pagkukumpara sa naunang marka ng mga estudyante.

Nilalayon din ng interbensiyon na ito na ipagamit ang kagamitang KOMPIYA sa mga estudyante mula sa ika-11 baitang Technical-Vocational-Livelihood (TVL) Track. Ang TVL track ay nakapokus sa kasanayang teknikal at bokasyonal halimbawa n anito ay ang Healthcare Services, ICT, Agri-Fishery Arts, Home Economics, Industrial Arts, at iba pa. Malaki ang magagawa ng workbook na ito upang tumaas pa ang kanilang kamalayan at kasanayan sa ortograpiya at sa mga pagbabago nito.

Sa pananaliksik nga nina Bacomo, Daculap, Ocampo, Paguia, Pentang & Bautista (2022), napatunayang hindi sapat payak na libro sa uri ng mga estudyante na mayroon sa ngayon, kung kaya, kinakailangan ang pagiging mapamaraan ng guro sa pagtukoy ng mga paraan kung paano matutulungan ang mga estudyante na lumago at magkamit ng higit pa bataysa kani-kanilang potensyal at isa sa mga kaparaanang ito ang pagpapapagamit ng mga interbensyong kagamitan.

Ang kagamitang pampagkatuto ay isang kapaki-pakinabang na materiyal na maaaring magamit ng mga estudyante sa mga panahon na hindi nakakapasok sa loob ng eskuwelahan upang hindi mahuli

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa pamamagitan ng mga kinalabasan, ang mga konklusyon ay nabuo.

1. Ang haypotesis na nagpapahayag na Walang makabuluhang epekto ang kawastuhan ng KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral ay tinatanggap. Ngunit, maaari itong magdulot ng positibong epekto bilang kagamitang pampagkatuto sa layunin, nilalaman, disenyo, teknikal na pormat, at kaangkupan. Subalit, napakahalaga pa rin ng aktibong paglahok sa klase at pakikinig sa guro.
2. Ang haypotesis na nagpapahayag na Walang makabuluhang epekto ang KOMPIYA bilang kagamitang pampagkatuto sa Filipino sa Kakayahan sa Proseso ng Pagsulat sa pagganap ng mga mag-aaral ay tinatanggap. Maaari din itong magdulot ng positibong epekto bilang kagamitang pampagkatuto sa proseso ng pagbabaybay at pagbigkas. Gayunpaman, hindi pa rin dapat ito maging kapalit ng iba't ibang paraan ng pagsulat at maging kapalit ng pagsasanay. Mahalaga parin ang gabay ng guro upang magtamo ng kaalaman at kakayahan sa pagsulat.

Batay sa pagsusuri ng resulta at konklusyon, ang mga sumusunod ang rekomendasyon ng pag-aaral:

1. Sa mga guro iminumungkahi ang paggamit ng iba't iba pang anyo ng kagamitan bilang tugon sa pangangailangang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Gamitin ang KOMPIYA upang ito'y makaagapay sa pagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng iba pang anyo ng sulatin.
2. Sa mga mag-aaral gamitin ang kagamitang pampagtuturo na KOMPIYA sa ibang track ng SHS tulad ng mga TVL upang mahasa ang kanilang kasanayan sa ortograpiya at maging sa pagsulat.
3. Sa susunod pang mananaliksik, hinihikayat na mapalawig pa nila ang pag-aaral na ginawa at gawing batayan ang mga datos na nabuo mula rito.

## TALASANGGUNIAN

1. *Buendia, A. (2019). Ortograpiyang Pambansa: Pagpapayaman Ng Kakayahan Sa Pagbaybay Ng Mga Mag-Aaral Sa Baitang 6 Sa Rosario West Central School. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(2F).*
2. *Ibay, R. M. (2021). Kakayahan ng mga Guro sa Filipino: Susi sa Pagpapayaman ng Kaalaman sa Gramatika ng mga Mag-aaral. DepEd Pampanga*
3. *Department of Education Order No. 18 (s.2020) Policy Guidelines for the Provision of Learning Resources in the Implementation of the Basic Education Learning Recovery Plan*
4. *Baraceros, E.L. (2019). Practical Research 2. (2nd ed., pp.8-11) Manila, Philippines: Rex Book Store.*